

# Ang Iyong Mga Karapatan sa Pananaliksik: Isang Sheet ng Impormasyon para sa Mga Taong Nakikilahok sa Pananaliksik sa Sapilitang Paglipat

Ang pakikilahok sa pananaliksik ay isang pagkakataon para marinig ang iyong boses. Subalit ang prosesong kaakibat nito ay maaring nakakaabala, nangangailangan ng madaming oras o sapat na pondo, at/o maaaring mailagay ka sa sitwasyong alanganin – maging pisikal o emosyonal. Ipinapaliwanag ng sheet ng impormasyon na ito ang mga pangunahing tuntunin at binabalangkas ang iyong mga karapatan.



*Boluntaryo, may kaalamang pahintulot*

Nangangahulugan ito na ikaw lamang ang maaaring magpasya kung nais mong makilahok sa isang proyekto ng pananaliksik. Hati-hatiin natin ito:

*Kusang-loob* - ay nangangahulugan na maaari kang magpasya sa iyong sarili nang malaya -nang walang mga parusa para sa pagtanggig lumahok at walang malaking benepisyo (tulad ng malaking halaga ng pera) para sa pagsang-ayon na makilahok.

- Hindi ka maaaring tanggihan ng mga kalakal o serbisyo para sa pagtanggig na lumahok.
- o Kahit na inirekomenda ng isang tao, opisyal ng pamahalaan, o organisasyon na makilahok ka sa pananaliksik, hindi mo kailangang gawin. May karapatan ka pa rin sa parehong mga serbisyo at mapagkukunan kahit na hindi ka makilahok.

*May-kaalaman* - nangangahulugan na mayroon kang karapatang malaman kung tungkol saan ang pananaliksik, kung ano ang hinihiling sa iyo na gawin, at kung ano ang mga potensyal na benepisyo at mga peligro sa paglahok.

- Dapat mong tanungin kung gaano katagal ang pananaliksik at kung ano ang eksaktong hinihiling sa iyo.

© Christina Clark-Kazak, 2021. Translation by Access Alliance Language Services. CC BY-NC-SA 4.0

## Ang Iyong Mga Karapatan sa Pananaliksik

- May karapatan kang malaman kung paano ibabahagi ang pananaliksik at kung paano mo maa-akses ang mga resulta sa pananaliksik.
- Mayroon kang karapatan sa impormasyong ito sa wika na naiintindihan mo. Maaari kang humingi ng interpretasyon o pagsasalin kung kinakailangan ito.
- Ang mananaliksik ay dapat magbigay sa iyo ng impormasyon ng kontak na maaari mong gamitin kung mayroon kang mga katanungan o mga alalahanin. Ang impormasyon ng kontak na ito ay maaari ding gamitin kung nais mong umalis mula sa pag-aaral sa kalaunang panahon.
- Mayroon kang karapatan na magtanong sa anumang oras.

*Pahintulot* - nangangahulugan na tahasan kang sumasang-ayon na lumahok.

- Walang sinuman ang maaaring sumang-ayon sa iyong ngalan (maliban sa mga menor de edad o matatanda na may limitadong kakayahan sa pag-iisip; tingnan sa ibaba para sa impormasyon tungkol sa pagsang-ayon sa mga kasong ito).
- Karaniwan, hihilingin sa iyo na pumirma ng isang form upang opisyal na ipakita na pumayag kang makilahok sa pananaliksik. May karapatan kang talakayin ang form sa mga kamag-anak, mga kaibigan, settlement workers, mga miyembro ng komunidad, o sinumang ibang tao bago ka magpasya kung pipirma o hindi. Dapat kang bigyan ng mananaliksik ng isang kopya ng form na iyong pinirmahan.
- Ipagbigay alam sa mananaliksik kung nais mong magbigay ng oral consent sa halip na written consent. Ngunit dapat mong malaman na hindi lahat ng pananaliksik ay maaaring pumayag dito. Depende eto sa alituntunin ng Research Ethics Board (REB).<sup>1</sup>

---

<sup>1</sup> Ang Research Ethics Board (REB) ay isang komite sa institusyon ng mananaliksik, na responsable para sa pagsusuri ng mga proyekto sa pananaliksik upang matiyak na pinanatili ng mananaliksik ang mga

## Ang Iyong Mga Karapatan sa Pananaliksik

- Maaari kang umalis sa pananaliksik sa anumang oras — hindi ka obligadong tapusin ang isang pag-aaral ng pananaliksik. Kung magpasya kang umatras, mayroon kang karapatang hilingin na hindi gamitin ang alinmang impormasyon na ukol o galing sa iyo.
- Maaari ka ding tumanggi na sagutin ang anumang partikular na katanungan o makilahok sa anumang partikular na aspeto ng pananaliksik.

*Pagsang-ayon* - nangangahulugan na ang isang tao na wala pang sapat na gulang o may limitadong kakayahan sa pag-iisip ay sumasang-ayon na lumahok. Sa mga kasong ito, ang isang magulang o tagapag-alaga ay dapat ding magbigay ng pahintulot upang ang pananaliksik ay makapagpatuloy. Sa madaling salita, nangangailangan ito ng parehong pahintulot at pagsang-ayon.



### ***Ang iyong karapatan sa pagkapribado at pagiging kompidensiyal***

ay nangangahulugan na hindi ka maaaring ipakilala ng isang mananaliksik o ang iyong mga sagot sa pananaliksik nang walang malinaw na pahintulot mo. Ang ilang mga bagay na dapat isipin:

*Pagiging pribado* ay ang karapatan na maging malaya mula sa panghihimasok o pakikialam at karapatang kontrolin ang impormasyon tungkol sa iyong sarili.

- Ikaw ay may karapatang hilingin na ang pananaliksik ay isagawa sa isang lugar na pribado at ligtas, kung saan ikaw ay malamang na hindi makikilala ng iba at malalaman na sumali sa pag-aaral.
- Ikaw ay may karapatang pumili kung nais mong makilala o hindi sa mga natuklasan sa pananaliksik. Sa ilang mga kaso, maaaring hindi magamit ng mananaliksik ang iyong totoong pangalan, kahit na tahasang hiniling mo, dahil maaaring magpakilala ito sa iba sa pag-aaral na pumiling hindi makilala.

---

etikal na prinsipyo na ipinaliwanag sa dokumentong ito. Ang REB ay nagtataguyod ng iyong mga karapatan sa pananaliksik.

© Christina Clark-Kazak, 2021. Translation by Access Alliance Language Services. CC BY-NC-SA 4.0

## Ang Iyong Mga Karapatan sa Pananaliksik

- May karapatan kang malaman kung paano gagamitin ang impormasyon mula sa pag-aaral.
- Dapat na malinaw na ipaliwanag ng mga mananaliksik kung paano mo malalaman ang tungkol sa mga natuklasan sa pag-aaral.

*Pagiging kompidensiyal ay ang proteksyon sa personal na impormasyon.*

- Ang mananaliksik ay dapat magkaroon ng paraan upang masigurong ang impormasyong nakalap ay hindi maa-akses ng iba.
- May karapatan kang malaman kung gaano katagal maiimbak ang iyong impormasyon at kung sino ang magkakaroon ng akses dito.
- Ang mananaliksik ay hindi pinapayagan na ibigay o ibenta ang impormasyong ito sa isang ikatlong partido.
- Sa ilang mga kaso, ang mananaliksik ay maaaring magkaroon ng etikal na obligasyon na ibunyag ang impormasyon tungkol sa pananakit sa sarili o pananakit sa iba. Dapat malinaw na ipahiwatig ng form ng pahintulot ang naturang mga limitasyon sa pagiging kompidensiyal. Kung may pag-aalinlangan, magtanong! Mayroon ka ring karapatang igiit ang pagiging anonymous (tingnan sa ibaba) ng lahat ng impormasyon na nakolekta tungkol sa iyo.
- Sa ilang mga kaso, ang mananaliksik ay maaaring magkaroon ng legal na obligasyon na mag-ulat ng kriminal na aktibidad sa pulisya. Dapat malinaw na ipahiwatig ng form ng pahintulot ang naturang mga limitasyon sa pagiging kompidensiyal. Kung may pag-aalinlangan, magtanong! Mayroon ka ring karapatang igiit ang pagiging anonymous ng lahat ng impormasyon na nakolekta tungkol sa iyo.
- Kapag tumutugon sa mga online surveys, dapat kang magkaroon ng kamalayan na ang anumang impormasyon na nakaimbak sa mga server sa ilang mga bansa, tulad ng Estados Unidos, ay maaaring ma-akses ng pamahalaan. May karapatan kang magtanong kung paano ginagarantiyahan

## Ang Iyong Mga Karapatan sa Pananaliksik

ng mananaliksik ang pagiging kompidensiyal at pagkapribado sa mga ganitong kalagayan.

Anonymity ay nangangahulugan na walang nagpapakilalang impormasyon, upang ang mga espesipikong natuklasan sa pananaliksik ay hindi masusundan pabalik sa sinumang indibidwal.

- Ito ay isang solusyon sa mga limitasyon ng pagiging kompidensiyal na tinalakay sa itaas: sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang paraan ng pagkolekta ng impormasyon ay nangangahulugan na walang sinuman — kahit na ang mananaliksik - ang nakakaalam kung sino ang konektado sa impormasyong iyon.
- Kung ang iyong katayuan sa imigrasyon ay hindi pa naaayos, dapat mong tanungin kung paano gagarantiyahan ng mga mananaliksik na ang iyong impormasyon ay hindi magpapakilala. Kung hindi, ang mga natuklasan sa pananaliksik ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib.



*Ang obligasyon ng mananaliksik na huwag gumawa ng anumang pinsala ay nangangahulugan na ang iyong kagalingan, dignidad, at kaligtasan ay laging isinasaalang-alang.*

- Kung sa anumang punto ay maramdaman mong hindi ka komportable sa isang proseso ng pananaliksik, may karapatan kang magsabi sa mananaliksik.
- Kung patuloy kang makaramdam na hindi ka komportable sa mananaliksik, dapat mong sabihin sa sinumang pinagkakatiwalaan mo (isang kaibigan, miyembro ng pamilya, settlement workers, isang miyembro ng komunidad) at dapat kang makipag-ugnay sa REB ng mananaliksik. Ang impormasyong ito ay dapat nakasulat sa consent form. Maaari ka ding maghanap ng impormasyon sa Internet. Ang lahat ng mga unibersidad at ospital ay mayroong REB o katulad na komite.
- Mayroon kang karapatang matrato nang may paggalang at sa isang paraan na iginagalang ang iyong kasaysayan sa kultura, relihiyon, at etniko.

© Christina Clark-Kazak, 2021. Translation by Access Alliance Language Services. CC BY-NC-SA 4.0